ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo XLVII Blg. 8
Abril 21, 2016
www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Manggagawa sa taliba ng paglaban sa kahirapan at pambubusabos

Muli nating pagtibayin ngayong Mayo Uno ang pamumuno ng uring manggagawa sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino laban sa pagpapahirap at pang-aapi ng imperyalismo at ng malulupit nitong patakarang neoliberal. Sa pangunguna ng uring manggagawa, dapat pagbuklurin ang buong sambayanan upang makapagluwal ng higanteng mga labanang yayanig sa kaayusang neoliberal at sa buong naghaharing sistema.

Sa nagdaang halos apat na dekada, ang ipinatupad na mga patakarang neoliberal ay pangunahing nakapuntirya sa mga manggagawa. Winasak ng mga patakarang ito ang lahat ng karapatan sa paggawa na ipinaglaban at kinilala sa malaking bahagi ng nagdaang siglo. Binigyang-laya ng mga patakarang ito ang mga kapitalista na lubos na pigain ang kanilang lakas-paggawa sa pamamagitan ng pagbanat sa kanilang oras ng paggawa at pagpapababa ng kanilang sahod.

Binigyang-laya rin nito ang dayuhang malalaking kapitalista at lokal na naghaharing uri na dambungin at pagsamantalahan ang lupa at likas na yaman at apihin ang masang anakpawis. Pinalala nang pinalala ng mga patakarang neoliberal ang iba't ibang aspeto ng malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan sa Pilipinas.



Sa ilalim ng mga patakarang neoliberal, tinapyas ang usapin ng karapatan sa lupa at katarungang panlipunan sa sigaw ng masang magsasaka para sa reporma sa lupa at ginawa itong simpleng transaksyong pagbenta at pagbili ng lupa. Ibinunsod nito ang kaliwa't kanang pang-aagaw ng lupa kapwa ng malalaking panginoong maylupa, kumpanya sa *real estate*, malalaking dayuhang kapitalista sa agribisnes pati na ng mga komersyante sa *contract-growing* ng mga pananamin na pang-eksport.

Isinapribado ang mga serbisyo, yutiliti at mga rekurso at ibinasura ang dating kinikilalang mga karapatan sa libreng edukasyon, pabahay at iba pang serbisyong panlipunan. Walang industriyalisasyon at modernisasyon ng manupaktura at agrikultura sa ilalim ng kaayusang neoliberal. Tumambak ang dayong mga kalakal sa kapinsalaan ng mga produktong lokal. Lumala ang burukratang kapitalismo sa paggamit sa estado para sa interes ng ilang malalaking negosyo sa ilalim ng "public-private partnership."

Ipinatupad ang 4Ps katuwang ng pribatisasyon. Kinakaltasan ang pondo para sa serbisyong panlipunan at inilagay sa bulsa ng malalaking kapitalista sa anyo ng PPP sa mga ospital at paaralan. Kasabay ng 4Ps, hinayaan ng estado na mabulok ang mga pampublikong imprastrukturang panserbisyo.

Laganap ang disempleyo, kawalan ng lupa, kahirapan at pang-aapi sa masang anakpawis. Lalong lalala pa

sa darating na mga taon ang pambubusabos sa mga manggagawa at magsasaka sa ilalim ng kaayusang neoliberal at sa harap ng di malutaslutas at lumalalang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista.

Sa harap ng lumalalang kaapihan at kahirapan, di mapasubalian ang sigaw ng sambayanang Pilipino para wakasan ang pahirap at mapang-aping mga patakarang neoliberal na pumapabor sa di-hinahadlangang karapatan ng mga kapitalista na magkamal ng tubo at dambungin ang yaman ng bansa. Hindi masusupil ang kanilang hangarin para sa tunay na reporma sa lupa, umento sa sahod, trabaho, libreng edukasyon, libreng pagpapagamot at iba pang serbisyong pampubliko, pagpapababa sa presyo, makataong pabahay at iba pa.

Dapat magbuklod ang mga inaaping uri at sektor upang ipaglaban ang kanilang mga demokratikong kahilingan at buuin ang kanilang organisadong lakas mula sa mga komunidad, tanggapan, pabrika at iba pang batayang antas hanggang sa antas ng mga distrito, rehiyon at buong bansa. Dapat iluwal nila ang malaganap at masigasig na mga pakikibakang masa na nagtitipon ng kanilang pinakamalawak na pagkakaisa.

Dapat kumilos ang uring manggagawang Pilipino sa taliba ng pakikibaka laban sa kahirapan, kagutuman at pambubusabos. Nasa uring manggagawa ang pinakaabanteng mga siyentipikong instrumento ng pagsusuri para unawain ang ugat ng kinasasadlakang kahirapan ng bayan at ilatag ang mga hakbangin para ito ay labanan at wakasan sa pamamagitan ng sama-samang pakikibaka.

Ang pamumunong ito ay maisasagawa sa pamamagitan ng partido ng proletaryado at ng masiglang mga pakikibaka ng mga manggagawa at malawak na paglahok nila sa pakikibaka ng iba't ibang mga demokratikong sektor.

Ang pakikibaka ng masang manggagawa laban sa kaayusang neoliberal ay kasalukuyang nakatuon sa pakikibaka para sa pagtatakda ng pambansang minimum na sahod at para itaas sa P750 ang arawang sahod ng mga manggagawa. Bubuklurin ng pakikibakang ito ang masang manggagawa sa pagsusulong ng kagyat nilang kapakanan at makapaghihikayat sa kanilang masiglang pagsusulong sa iba pang mas malawak na pakikibaka para sa sariling uri at para sa sambayanan.

Malalim at malawak na umuugat ang partido sa hanay ng masang manggagawa sa kanilang mga pabrika at komunidad. Dapat pagbuklurin ang daan-daang libo hanggang ilang milyong manggagawa sa mga unyon sa pabrika, asosasyon at iba pang anyo ng organisasyon na angkop sa kanilang kalagayan. Pinangingibabawan ang lahat ng balakid sa pag-oorganisa. Itinataas ang kanilang makauring kamulatan at pinapanday sila sa landas ng pakikibaka.

Dapat ubos-kayang abutin ng proletaryo ang malawak na masa ng sambayanan at organisahin, bigyang-inspirasyon at pamunuan ang kanilang mga pakikibaka. Dapat puspusang suportahan at damayan ng uring manggagawa ang pakikibaka ng masang magsasaka at iba't ibang mga sektor tulad ng pagsuporta sa mga magsasaka ng Kidapawan.

Dapat nilang iugnay ang pakikibaka ng iba't ibang sektor sa pangkalahatang paghamok sa kaayusang neoliberal na ipinataw sa malakolonyal at malapyudal na sistema. Dapat mahigpit nilang iugnay ang iba't ibang mga pakikibaka laban sa kahirapan at pambubusabos sa pambansa-demokratikong pakikibaka para ibagsak ang imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Sa pangunguna ng partido ng proletaryado, ang mga aktibista at kadreng manggagawa ay dapat na italaga bilang mga organisador at lider sa iba't ibang sektor, laluna sa kanayunan. Dapat din silang maramihang maitalaga sa larangan ng armadong pakikibaka upang magsilbing mga Pulang mandirigma, kumander at mga giyang pampulitika ng Bagong Hukbong Bayan. AB

ANG Bayan

Tomo XLVII Blg. 8 | Abril 21, 2016

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa *www.philippinerevolution.net*


Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: *cppinformationbureau@gmail.com*

## Nilalaman

**Editoryal:** Manggagawa sa taliba ng paglaban sa kahirapan at pambubusabos 1
Mga patakarang neoliberal sa paggawa 3
Mga kawani, nagrali para sa sweldo 4
Tagumpay sa Musahamat 4
Nakaambang welga sa TV5 4
RWBs, pinasasara 5
Pakikibaka sa panahon ng tagtuyot 5
Pangangamkam ng lupa sa NCotabato 6
Manhid ang rehimeng Aquino 7
Protesta at suporta sa mga magsasaka 8
23 armas, nasamsam sa Davao 9
2 armas, nasamsam sa Samar 9
Pagbisita ni Carter, tinuligsa 10
Bata, pinatay ng Scout Rangers 11
Piket para kay Berta Caceres 12
Rali sa London 12
Gabi-gabing protesta sa France 12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Mga patakarang neoliberal sa sektor ng paggawa




Mula katapusan ng dekada 1980, walang puknat ang pagpapatupad ng mga patakarang neoliberal laban sa mga manggagawang Pilipino. Lumaganap ang iba't ibang iskema ng pleksibilisasyon ng paggawa at pagbawas at pagpako sa sahod sa mababang antas.

Sa ilalim ng unang rehimeng US-Aquino, isinabatas ang pinakamalalaking neoliberal na patakaran sa paggawa sa Pilipinas. Pinagtibay noong 1989 ang Republic Act (RA) 6715 (Herrera Law) na bumaklas sa mga regulasyon sa pag-eempleyo at nagbigay-daan sa iba't ibang anyo ng kontraktwalisasyon at pleksibleng sistema ng pag-eempleyo.

Sa parehong taon, isinabatas din ang RA 6727 o ang Wage Rationalization Act na nagbuo sa Regional Tripartite Wages and Productivity Board (RTWPB) na kontrolado ng mga kapitalista. Winakasan nito ang dating sistemang pagtatakda ng kongreso ng minimum na sahod sa pambansang antas at ibinigay sa mga RTWPB ang awtoridad na itakda ito sa saklaw na rehiyon. Sa pamamagitan nito, nagawang ibaba ang sahod sa mga rehiyon na may mga *export-processing zone* na pinatatakbo ng dayuhang kapital.

Isinabatas din sa taong iyon ang RA 6715 o National Labor Relations Act na nagsilbing masaklaw at kumprehensibong batayan para sistematikong distrungkahin ang mga nakatayong unyon, pigilan ang pagbubuo ng mga bago at supilin ang karapatang magwelga. Pinakamasahol sa mga probisyon ng batas na ito ang Assumption of Jurisdiction (AJ) na nagbigay ng solong kapangyarihan sa kalihim ng Department of Labor and Employment (DOLE) na pangunahan at pigilan ang mga welga sa ngalan ng "pambansang interes." Marami sa malalaking welga noong dekada 1990, tulad ng welga ng malalaking unyon ng Philippine Airlines, PLDT (Philippine Long Distance Company), San Miguel Corporation at SM, ang ipinailalim sa kontrol ng estado gamit ang probisyong ito.

Sinusugan at pinasahol ng sumunod na mga rehimen ang nabanggit na mga batas sa pamamagitan ng mga kautusan ng ehekutibo, ng DOLE at iba pang ahensya ng estado.


Noong 2002, inilabas ng DOLE ang Department Order 10-2002 kung saan ginawang ligal ang pagkuha ng mga kontraktwal na manggagawa sa buong panahon ng produksyon (lampas sa 6-buwan na rekisito ng regularisasyon) sa mga prosesong tinaguriang "non-core" (di-sentral) sa kabuuang linya ng produksyon. Isang halimbawa nito ang kaayusan sa pabrika ng Tanduay Distillers kung saan ang mga manggagawang 15 taon nang namamasukan ay hindi pa rin ginagawang regular dahil wala diumano sila sa "core" ng produksyon.

Noong 2010, sa ngalan ng pagpapadali ng pagpasok ng pamumuhunan at pagsisimula ng operasyon ng mga kapitalista, kinonsolida ng kasalukuyang rehimen ang mga patakaran sa pamumuhunan sa pamamagitan ng Joint Circular Memorandum 01 ng Department of Interior and Local Government at Department of Trade and Industry. Ang kautusang ito ay bumuo ng mga "business one-stop shop" sa iba't ibang syudad para pabilisin diumano ang mga proseso sa pagbubukas at pagpapatakbo ng mga negosyo. Para gawin ito, niluwagan, kundiman binaklas, ang mga pamantayang nangangalaga sa kapakanan ng mga manggagawa. Halimbawa nito ay ang pagbibigay pahintulot na magsimula ng operasyon kahit hindi pa naiinspeksyon ang kanilang mga pabrika kung pasado sa mga pamantayan sa kaligtasan. Sa nakaraang anim na taon, di bababa sa apat na sunog sa pabrika ang iniresulta ng mga kapabayaang ito. Pinakamatindi rito ang sunog sa Kentex noong 2015.

Sa larangan ng sahod, sinimulang ipatupad ang dalawang andanang sistema ng pagpapasahod (*two-tier wage system*) noong 2012 na tinarget na makumpleto sa buong bansa ngayong taon. Noong Hulyo 2015, 92 sa 107 *minimum wage rate* sa walong rehiyon ay tinatawag nang Tier 1-*compliant.* Kabilang dito ang mga empresa sa National Capital Region.

Noong 2012, ipinatupad ang DOLE Department Order No. 18-A na nagpatibay sa paggamit sa mga ahensya sa pangongontrata at nagbaklas sa relasyong kapitalista-manggagawa sa malalaking kumpanya. Marami sa pinakahuling mga kaso ng iligal na pagsisante sa mga manggagawa at pagkakait sa kanilang mga benepisyo ay nakaangkla sa kautusang ito. Kabilang dito ang kaso ng mga manggagawa sa masmidya tulad ng GMA7 at ABS-CBN. Ito rin ang naging ligal na batayan sa tangkang alisan ng istatus na regular ang mga manggagawa sa planta ng Coca-Cola sa Laguna at gawin silang mga kontraktwal. AB

## Mga kawani ng gubyerno, nagrali para sa disenteng sweldo



SUNUD-SUNOD NA mga kilos-protesta ang isinagawa ng mga kawani ng gubyerno at nars para igiit ang kanilang karapatan para sa nakabubuhay na sweldo. Ang kanilang mga pagkilos ay paghahanda sa malaking rali ng mga manggagawa sa Mayo 1 laban sa pambubusabos at kahirapan.

Noong Abril 15, nagprotesta ang mga empleyado ng Civil Aviation Authority of the Philippines (CAAP) laban sa pagbawi ng gubyerno sa dagdag-sweldo at iba pang mga benepisyo na dati nang ibinigay sa kanila noon pang 2012. Bilang protesta, nagsabit ang mga empleyado ng malalapad na bandilang itim na may mga nakasulat na "Mayday, Mayday" ("saklolo") sa iba't ibang paliparan sa bansa. Mayroong 1,775 kawani ang CAAP.

Noon ding Abril 15, sinimulan ng mga empleyado ng Department of Justice ang protesta laban sa pagbawi ng dagdag-sweldo at mga benepisyo. Libong empleyado ng mga korteng mula sa mga munisipyo hanggang Korte Suprema ang nagsuot ng itim sa lingguhang protestang tinagurian nilang "Black Friday."

Ipinag-utos ng rehimeng Aquino ang pagbawi ng dagdag-sweldo at benepisyo ng mga empleyado para umano repasuhin ang mga iskandalosong sweldo at mga benepisyo ng mga upisyal at lupon ng mga korporasyon at institusyong pampinansya ng gubyerno.

Nakiisa sa mga kilos-protestang ito ang Confederation for Unity, Recognition, and Advancement of Government Employees (COURAGE). Anang tagapangulo nitong si Ferdinand Gaite, karapat-dapat ang dagdag-sweldo at iba pang mga benepisyo na dati nang natatanggap ng mga empleyado. Aniya, ang kalagayan ng mga empleyado ng CAAP ay sumasalamin sa mayorya ng 1.4 milyong empleyado ng gubyerno na hindi binibigyan ng nakabubuhay na sweldo.

Anang COURAGE, marami nang mga empleyado ng mga gubyerno ang binawian ng dagdag-sweldo. Marami na rin ang inatasang magsauli ng kanilang mga natanggap na benepisyo na ilang taon na nilang tinatamasa.

Samantala, nagpiket ang may isandaang nars sa pangunguna ng Alliance of Health Workers (AHW) at Filipino Nurses United (FNU) sa harap ng Philippine General Hospital noong Abril 14 upang itulak ang minimum na buwanang sweldong P25,000 at igiit ang pagbasura sa kontraktwalisasyon.

Binatikos din nila ang Salary Standardization Law of 2015 na maliban sa magbibigay lamang ng kakarampot na P20 bawat araw, ay nagsasapanganib din sa mga benepisyo para sa mga manggagawang pangkalusugan.

Ayon kay Robert Mendoza ng AHW, ang mga benepisyo tulad ng *hazard pay, longevity pay, night differential* at *subsistence and clothing allowance* ay pinaghirapang makamit ng mga manggagawa sa sektor, gayunma'y hindi pantay na ibinibigay sa lahat ng empleyadong nars.

Ayon naman sa FNU, nakalulungkot ang tuluy-tuloy na pag-alis ng mga bihasang nars tungo sa mauunlad na bansa dahil sa napakababang sweldong natatanggap ng mga nars sa Pilipinas. Ang kanilang martsa ay pagpapakita umano ng pakikiisa sa lahat ng mga nars, laluna sa mga hindi tumatanggap ng sapat para mabuhay. AB

### Mga manggagawa sa Musahamat, nagtagumpay

MATAGUMPAY NA tinapos ng Musahamat Farms 2 Workers Labor Union ang kanilang kampo-protesta matapos sumang-ayon ang maneydsment sa kanilang mga kahingian. Kabilang sa mga inisyal na tagumpay ng unyon ang sumusunod: regularisasyon sa 52 kontraktwal na manggagawa; pagbabalik ng lahat ng mga manggagawang sinuspinde; at pagbabayad ng P1,500 sa mga manggagawang nakatapos ng kanilang suspensyon.

Ang 52 dating kontraktwal ay mga manggagawang matagal nang namamasukan sa kumpanya pero hindi nireregularisa. Tumanggi silang pumirma sa bagong kontratang hindi kumikilala sa kanila bilang mga regular na manggagawa. Dulot nito, sinisante sila, kasama ng iba pang mga myembro ng unyon. Noong Marso 28, nagpasya ang kanilang unyon na maghapag ng *notice of strike*.

Batid ng mga manggagawa na hindi nagtatapos sa mga tagumpay na ito ang kanilang mga kahingian. Naghahanda ngayon ang unyon na makipagnegosasyon para sa isang disenteng CBA *(collective bargaining agreement)* para isulong ang mga pang-ekonomya at iba pang benepisyo ng mga myembro nito.

### Welga, nakaambang pumutok sa TV5

NAKAAMBA ANG welga ng mga empleyado ng TV5 dahil sa pagbagsak noong Abril 15 ng negosasyon sa Collective Bargaining Agreement (CBA) sa pagitan ng unyon at may-ari ng istasyon.

Ayon sa presidente ng unyon na si Vladimir Martin, mula sa orihinal na P8,300 ay ibinaba nila sa P5,000 sa loob ng tatlong taon

ang hinihingi nilang dagdag swel-do. Ngunit matigas pa rin ang kumpanya. Tinapatan ito ng dagdag na P3,500 sa tatlong taon: P500 sa unang taon, P1,500 sa ikalawa at P1,500 sa ikatlong taon, subalit kalahati ng panukalang dagdag sa ikalawa't ikatlong taon ay nakakundisyon sa itatakda ng kumpanya na "produktibidad" o "performance" ng mga empleyado.

Tinanggihan ng unyon ang panukala ng kumpanya. Inihapag noon ding Abril 15 sa mga manggagawa ang tanong kung magwewelga sakaling hindi magkakasundo sa negosasyon. Sa naturang botohan, 87% ng unyon ang bumoto pabor sa welga.

### *Regional wage boards,* pinabubuwag

NAGLUNSAD NG piket ang mga kasapi ng Kilusang Mayo Uno (KMU) sa harap ng National Tripartite Wages and Productivity Commission noong Abril 14 para ipanawagan ang pagsasara ng mga rehiyunal na *wage board* na ginagamit na instrumento para ipagkait ang pambansang minimum na sahod.

Kinundena nila ang pahayag ng kalihim ng Department of Labor and Employment (DOLE) na natugunan na ng mga *regional wage board* ang pangangailangan ng mga manggagawa alinsunod sa *two-tier* o dalawang andana na sistema ng pasahod. Ayon sa DOLE, tapat na sa *poverty threshold* (pamantayan ng kahirapan) ang minimum na sahod sa 10 rehiyon.


Binatikos ng KMU ang paggamit ng *poverty threshold* bilang batayan ng pagtatakda ng minimum na sahod. Anila, ang pagtatakda ng sahod ay dapat nakabatay sa nakabubuhay na sahod ng isang pamilya, at hindi sa arbitraryo at minanipulang pamantayan ng kahirapan ng gubyerno.

# Libu-libong magsasaka, nagprotesta sa Northern Mindanao

HUMUGOS ANG libu-libong magsasaka at Lumad sa mga syudad at sentrong bayan sa Northern Mindanao upang iprotesta ang kainutilan at kapabayaan ng rehimen sa gitna ng matinding tagtuyot sa isla. Iginiit din nila sa mga lokal na pamahalaan ang pagbibigay ng subsidyong pangkalamidad at pagtataas ng sahod para sa mga manggagawang bukid.

Ayon sa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, ang mga magsasaka ang pinakamalubhang tinamaan ng tagtuyot. Sabi ni Irineo Udarbe, pangkalahatang kalihim ng KMP ng rehiyon, "gaano man kamaparaan ang magsasaka sa paghahanap ng alternatibong pananim at makakain, sadyang wala nang makuha sa ekta-ektaryang lupang alikabok na hindi na tinutubuan maging ng damo."

Sa Valencia City, Bukidnon, pinamunuan ng Kasama Bukidnon (Kahugpungan sa mga Mag-uuma sa Bukidnon) ang protesta ng may 5,000 magsasaka noong Abril 12 at naigiit ang panimulang 4,200 sako ng bigas mula sa pamahalaan ng lunsod. Umaasa pa ang mga magsasaka ng karagdagang subsidyo mula sa lokal na pamahalaan ng prubinsya.




Umaabot din sa 3,000 magsasaka mula sa San Fernando, Bukidnon ang nagtipon sa munisipyo upang igiit ang pag-aksyon ng gubyerno sa kanilang kalagayan. Dalawang ulit na tinangka ng 68th IB at PNP na harangin ang kanilang martsa.

Sa Pangantucan, itinulak ng mahigit isang libong manggagawang bukid ang dagdag-sahod at ayuda, bukod pa sa ayuda ng gubyerno. Ayon kay Jun Benemerito ng Kasama Bukidnon, dati nang hindi sapat para sa kanilang mga pamilya ang kinikita ng mga manggagawang bukid. Aniya, dapat silang suportahan ng gubyerno upang maiwasan na ipailalim nila sa malalaking plantasyon ang kanilang mga lupa.

Nauubos na rin ang maiinom na tubig sa Maramag. Noong Abril 18, pinangunahan ng Buffalo-Tamaraw-Limus ang 1,500 magsasaka sa aksyong-protesta laban sa pang-aagaw ng lupa ng isang pampublikong unibersidad at isang malaking plantasyon.

Kasabay ng protesta sa Maramag ang pagkilos din ng isang libong magsasaka mula Dangcagan. Nakatakda ring maglunsad ng katulad na mga kilos protesta sa Abril 20 ang mga magsasaka mula Malaybalay City. Inaasahang 3,000 ang lalahok sa nasabing aksyon.

Ayon pa sa Kasama Bukidnon, lulundo ang mga aksyong protesta sa Abril 21-22 kung saan lalahok ang di bababa sa 7,000 magsasaka mula sa iba't ibang bayan at syudad sa Bukidnon upang hingin ang subsidyo mula sa pamahalaan ng prubinsya.

Samantala, sa prubinsya ng Misamis Oriental, tinatayang 2,000 kasapi ng Misamis Oriental Farmers' Association (MOFA) mula sa walong barangay ng Salay ang nagtipon sa munisipyo noong Abril 15. Matagumpay nilang napapirma ng kautusan ang lokal na gubyerno na maglabas ng 5% ng pondong pangkalamidad para sa mga magsasaka. Nagkaroon din ng katulad na mga protesta at dayalog sa mga bayan ng Opol noong Abril 15, at El Salvador noong Abril 18. AB

# Pangangamkam ng lupa sa North Cotabato

Noong Abril 1, marahas na binuwag ang barikada ng 6,000 magsasaka sa tapat ng National Food Authority sa Kidapawan City. Dalawang magsasaka ang napatay, daan-daan ang nasugatan at mahigit 70 ang inaresto.

Karamihan ng mga magsasakang nagrali ay nagmula sa iba't ibang bayan sa North Cotabato. Bukod sa nagdurusa sila sa matinding epekto ng tagtuyot, biktima rin sila ng mas batayan pang problema ng pangangamkam ng lupa.

Ang North Cotabato ay binubuo ng 17 munisipalidad. May lawak itong 900,800 ektarya. Labing-isa sa mga bayan nito ang kasalukuyang dumaranas ng matinding kagutuman at kahirapan dulot ng matinding tagtuyot sa lugar.

Habang halos walang makain at lupang masaka ang mga magsasaka sa Cotabato, ang malalaking kumprador panginoong maylupa sa rehiyon naman ay patuloy na umaaani ng saging at iba pang produktong pang-eksport para sa mga imperyalistang bayan.


Malaking suliranin ng mga magsasaka bago pa man ang epekto ng El Niño ang pangangamkam ng kanilang lupain ng mga higanteng kumpanyang agribisnes tulad ng Sumifru at Dole-Stanfilco. Libu-libong magsasaka ang itinataboy para bigyang daan ang pagpapalawak ng mga plantsyon ng pinya at saging.

Sa North Cotabato pa lamang, 32,066 ektarya na ang inookupa ng plantasyon ng goma na matatagpuan sa Antipas habang target naman ng lokal na gubyerno na palawakin pa ang plantasyon ng *palm oil* hanggang 58,769 ektarya. Sa taong 2014, may operasyon ang mga plantasyon ng goma sa munisipalidad ng Alamada, Antipas, Arakan, Magpet, Makilala at M'lang. May buwanang ani itong 1.6 metriko tonelada (MT) bawat ektarya.

Nangunguna naman ang Kidapawan sa lawak at bilang ng produksyon ng niyog sa buong prubinsya. Halos 4,548 ektarya ang sakop nito na nakakapag-ani taun-taon ng 1.48 MT bawat ektarya. Ang plantasyon ng saging naman ay nakapagpalawak ng halos 15,000 ektarya na kada taon ay umaani ng 24 MT ng lakatan, 30 MT ng Cardava at 40 MT ng Cavendish.

Higit isang milyong ektarya naman ng talahiban sa North Cotabato, Sultan Kudarat at mga rehiyon ng Caraga at Northern Mindanao ay natransporma tungong plantasyon ng *palm oil*.

Dagdag pa, agresibo ring pinalalawak ng mga kumpanyang ito ang kanilang kontroladong lupain sa pamamagitan ng pagpapatupad ng iba't ibang porma ng pang-aagaw ng lupa tulad ng sistemang *growership, leasehold, leaseback, voluntary offer to sell* na nilikha ng malalaking kumprador at panginoong maylupa upang pagsilbihan ang kanilang imperyalistang amo.



Kasabwat ng estado ang AFP at kapulisan upang tiyakin ang maayos na pagpasok at operasyon ng malalaking agribisnes.

Halos 12,980 ektarya lamang ang isinailalim sa Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP). Sa 204,000 magsasakang nakatanggap ng papeles ng CARP sa Region XII, 90% sa kanila ang walang kakayahang magbayad ng amortisasyon ng lupa o di kaya naman ay naitulak na paupahan ang kanilang lupa sa mga transnasyunal na korporasyon at pumasok sa kontratang "outgrower." Sa ilalim ng sistemang ito, mistulang nagiging tagatanim sila ng naturang mga korporasyon gamit ang lupang binabayaran nila sa ilalim ng CARP.

Matinding pagsasamantala rin ang dinaranas ng mga manggagawang agrikultural. Ayon sa lokal na gubyerno ng Cotabato, ang abereyds na arawang minimum na sahod sa prubinsya ay nasa P240 lamang.

Karamihan ng mga manggagawa sa mga plantasyon ay mga kontraktwal. Sa 20,000 manggagawa ng Dole, 4,000 lamang ang regular habang 5,000 lamang ang sa Sumifru. Ang mga naitayong unyon naman sa mga nasabing kumpanya ay pilit na binubuwag at dinadahas.

Ang malawakang plantasyon ng agribisnes ay sumisira rin sa mayamang kagubatan at likas na yaman ng bansa. Winawasak ang kalikasan sa pamamagitan ng lansakang paggamit ng pestisidyo at iba pang kemikal. Ang mga ito ay nagdulot ng sakit at polusyon sa lupa at tubig ng mga komunidad ng katutubo sa lugar.

Sa kasalukuyan, nananatili pa ring alipin ang tunay na may-ari ng lupa, habang ang nakikinabang sa kanilang yaman ay ang mga transnasyunal na mga korporasyon na sumisira sa kalikasan at nagtutulak sa kanila sa higit pang kahirapan at kagutuman. AB

# Manhid ang rehimeng US-Aquino sa pagdurusa ng bayan dulot ng tagtuyot



"ANG WALANG kapantay na pagkainutil at lansakang kapabayaan sa pagharap sa matagalang tagtuyot ang kabilang sa mga pangunahing kasalanan ni Aquino sa madugong pagpatay ng mga magsasaka sa Kidapawan," ayon kay Rafael Mariano, tagapangulo ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP). Aniya, Pebrero 2015 pa nagsimula ang tagtuyot, pero wala pa ring isinasagawang kongkretong hakbang ang gubyernong Aquino.

Noon pa mang Mayo 2014 ay inilinaw na ng Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration na magaganap ang El Niño sa darating na taon. Muling kinumpirma noong Setyembre 2015 at sa susunod pang mga kalatas nito na nagpapatuloy ito at nananatiling malakas. Idineklara rin ng Department of Agriculture (DA) na bulnerable ang 44 sa 81 prubinsya ng Pilipinas.

Iniulat ng DA nitong Abril 2016 na umabot na sa P5.53 bilyon ang nasalanta sa agrikultura sa Pilipinas mula Pebrero 2015, kung saan P2.1 bilyon ay naganap nitong Enero hanggang Marso lamang. Sa isang memorandum, inilinaw nito na 252,176 ektaryang lupa na aabot sa 383,743 metriko toneladang produkto ang apektado. Pinakamalala ang mais na P2.9 bilyon at palay na P2.38 bilyon.

Sa Mindanao, na lumilikha ng mahigit 40% ng pagkain ng Pilipinas, labimpitong prubinsya ang nasalanta, kabilang ang Zamboanga del Norte, Zamboanga del Sur, Zamboanga Sibugay, Bukidnon, Lanao del Norte, Misamis Occidental, Compostela Valley, Davao del Sur, Davao Oriental, South Cotabato, North Cotabato, Sarangani, Sultan Kudarat, Basilan, Maguindanao, Lanao del Sur, Sulu at Tawi-Tawi. Umaabot na sa P823 milyon ang halaga ng nasalantang pananim. Sa Region 12 lamang ay P450 milyon ang nasalanta. Sa Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM), mahigit P110-milyong halaga ng produktong pang-agrikultura ang nasira.

Mula 2015 hanggang Abril, idineklarang nasa kalamidad ang 11 prubinsya at di bababa sa 17 munisipalidad. Tatlong lunsod naman na binubuo ng Cotabato City, Zamboanga City at Iloilo City ang idineklarang nasa kalamidad dahil sa kakulangan ng tubig na inumin at magagamit sa mga bahay.

Apektado ang di-bababa sa 22,000 magsasaka sa Maguindanao, 28,000 magsasaka sa Davao del Sur, 25,000 magsasaka sa North Cotabato, 11,000 pamilyang magsasaka o 25% ng populasyon sa Kidapawan City, 9,380 pamilya sa Isabela, at 2,540 pamilya sa Guimaras.

Nagbabala noon ang grupong Anakpawis na lalala ang kakulangan ng patubig para sa mga magsasaka. Ngunit walang makabuluhang hakbang ang gubyerno. Hungkag ang ipinagmamalaki ng Malacañang na handa at may badyet ito sa anumang tagtuyot. Bukod sa hindi napaghandaan o nahuli ang hakbang ng gubyernong Aquino sa kalamidad, talagang wala itong intensyong tumugon sa tagtuyot.

Alinsunod sa mga patakarang neoliberal ng rehimen, wala sa prayoridad ang pagbibigay ng pondo o rekurso para sa pagpapaunlad ng agrikultura at sa pagtitiyak ng pagkain ng mamamayan, sa Kidapawan man o sa buong bayan. Paliit nang paliit ang pondong inilalaan ng gubyerno para sa agrikultura. Isinasapribado ang mga serbisyong pang-agrikultura tulad ng patubig.

| Prubinsya | Ektaryang Nasalanta |
|---|---|
| Isabela | 61,000 maisan |
| Bukidnon | 31,750 maisan; 4,317 palayan; 1,705 cassava, tubuhan |
| Iloilo | 32,800 palayan |
| NCot | 28,000 palayan |
| Maguindanao | 18,831 palayan at maisan |
| Quirino | 12,514 maisan, 3,445 palayan at 105 gulayan |
| Davao del Sur | 6,427 maisan; 5,576 palayan |
| SoCot | 11,011 palayan, maisan, high value crops, palaisdaan |
| Guimaras | 2,722 palayan |
| Cebu | 87 sweetcorn, cauliflower, high value crops |

Kulang na kulang ang imprastrukturang pang-agrikultura. Ayon sa World Bank, mula pa dekada 1990, nasa 19.5% lamang ng mga lupang sakahan sa Pilipinas ang may patubig. Napakaliit nito kung ihahambing sa 37.5% ng China, 24.8% ng Thailand, at 30.8% ng Vietnam, ang pinakamalalaking tagapaglu-

was ng bigas sa mundo. Sa tala mismo ng NIA, 1.54 milyong ektaryang lupang sakahan lamang sa Pilipinas ang may patubig. Dalawampu't limang porsyento ito ng 6.1 milyong ektaryang pwedeng matayuan ng patubig o 14% ng kabuuang nakatalang lupang sakahan. Kalahati ng mga patubig ang nasa pamamahala ng National Irrigation Administration (NIA). Sumisingil ito nang napakataas para sa mga serbisyo. Sa Tarlac, isa ring prubinsyang apektado ng tagtuyot, umaabot sa 6.6% ng kabuuang gastos sa pagsasaka ang bayad sa patubig. Sa maraming pagkakataon, hindi ito pinaaagos ng NIA o ng mga *watermaster* dahil mahigit kalahati ng tubig mula sa dam ay pinadadaloy para lamang sa pangangailangan ng mga negosyo sa Hacienda Luisita ng mga Aquino.

Ayon sa KMP, ang pagtugon ng gubyernong Aquino ay hindi sumasagot sa mga seryosong epekto ng tagtuyot sa mga magsasaka at sa lokal na agrikultura. Pinagkakagastusan ng DA ngayon ang *cloud seeding*, na napakabulnerable sa korupsyon, gumagastos ng minimum na P45,000 bawat lipad, at hindi nakatuon sa mga lugar na nangangailangan ng ulan. Ipinagkakait na nga sa mga magsasaka ang kanilang karapatan sa tulong na pagkain at kabuhayan, ginagamit pa ng Liberal Party ang tulong na pagkain para sa kanilang kampanya sa eleksyon.

Maliban sa *cloud-seeding*, batbat rin ng korapsyon ang mga proyekto sa patubig. Matagal nang nahalungkat ang P1.29 bilyong maanomalyang mga proyektong kasangkot ang hindi kukulangin sa 195 nilutong kontrata sa Caraga, ngunit marami ang hindi pa iniimbestigahan. Hindi rin sinuri kung bakit halos kalahati ng mga napondohan nang proyekto noong 2015 ang hindi naipatupad ng NIA. AB

# Protesta at suporta, bumuhos para sa mga magsasaka

MAHIGIT DALAWANG linggo matapos ang madugong pagbuwag sa barikada ng mga magsasaka sa Kidapawan, lumalaganap pa rin ang mga protesta, pagkundena at panawagan para sa hustisya, gayundin ang todo-buhos na suporta sa mga biktima.

Sa tulong ng mga kilalang artista sa pelikula at telebisyon at mga mang-aawit, nakalaya ang 78 sa 80 magsasakang iligal na inaresto at sinampahan ng gawa-gawang kaso noong Abril 17. Naglikom ng pondo ang mga personalidad sa pelikula at telebisyon para pyansahan ang mga magsasaka. Sa pangunguna ng mag-asawang Aiza Seguerra at Liza Diño, nakakalap ng sapat na pondo para pyansahan sila nang hanggang P6,000 kada isa. Ang National Union of People's Lawyers ang tumulong sa pagproseso ng mga ligal na rekisito sa pagpyansa at iba pang grupo ng mga abugado.

Sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan, naglunsad ng mga pagkilos noong Abril 8 na tinaguriang Pandaigdigang Araw ng Pagkilos para sa Pagkain, Lupa, at Katarungan. Nagtipon sa Plaza Miranda sa Quiapo ang bulto ng mga demonstrador bago sila nagmartsa patungong Mendiola. Tumampok sa mobilisasyon ang sigaw para lubusang papanagutin ang rehimeng Aquino at lokal na gubyerno ng Cotabato.

Idinaan naman ng mga pintor at *graphic designer* ang kanilang protesta sa pamamagitan ng mga sining biswal. Ipinaskil sa internet at sa mga kalsada ang mga likhang nagpapatungkol sa kalagayan ng mga magbubukid sa Cotabato, at ang kanilang mga kahingian. Ilan sa mga tampok na mga artista sa sining biswal na nagsalarawan ng protesta ay sina Neil Doloricon, Boy Dominguez, ang Liga ng Kabataang Propagandista, ang grupong BLEEP ng Davao City, ang grupong Ang Gerilya, TomasinoWeb at maraming iba pa. Ang UP College of Fine Arts ay naglaan din ng isang buong dingding ng kolehiyo upang gawing myural alay sa kahingian ng mga magbubukid sa Cotabato.

Nagpiket din ang mga aktibista sa Aklan at sa Gitnang Luzon. Nagpahayag ng mahigpit na pakikiisa ang mga magsasaka sa Hacienda Luisita sa ilalim ng Ambala-UMA.

Nanawagan naman ang konseho ng mga mag-aaral ng UP College of Engineering ng pagkain para sa mga magsasaka at lumad, pagpapanagot sa gubyerno, at pagtigil sa mga paglabag sa karapatang-tao. Samantala, ang mga madre ng Missionary Sisters of Mary ay nagpaskil sa internet ng kanilang mga litrato na may panawagang "Bigas Hindi Bala."

Maging sa labas ng bansa ay nadaragdagan ang mga nanawagan ng hustisya para sa mga magsasaka at pagkundena sa marahas na panunupil sa kanila sa Kidapawan. Kabilang sa mga grupo ang Migrante-Kingdom of Saudi Arabia, mga Pilipino sa Canberra, Australia, ang International Migrants Alliance-USA Chapter, mga residente ng Holland, ang ILPS-Africa, ILPS-Indonesia at mga Pilipino sa US sa pangunguna ng Anakbayan USA. Kinundena rin ng Hong Kong Campaign for the Advancement of Human Rights and Peace in the Philippines ang masaker.

Sinabi naman ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, ang matagal na nilang itinutulak na tunay na reporma sa lupa ang pangunahing solusyon sa problema ng mga magbubukid.


Samantala, nagpaabot ng pakikipagkaisa ang rebolusyonaryong mamamayan ng Eastern Visayas (EV) sa pamamagitan ng National Democratic Front-EV. AB

# 23 armas, nakumpiska ng BHB-SMR

Labimpitong ripleng awtomatik at tatlong pistola ang nasamsam ng 1st Pulang Bagani Battalion - Southern Mindanao Region sa isinagawa nitong reyd sa detatsment ng 72nd IB at CAFGU sa Barangay Salapawan sa Paquibato district sa Davao City noong Abril 16, alas-7 ng umaga.

Kabilang sa mga nasamsam ang siyam na ripleng garand, walong M14, 78 klip ng garand, 30 magasin para sa M14 at mga bala nito, at iba pang kagamitang militar. Isinagawa ang reyd sa loob lamang ng 30 minuto matapos sumuko ang dalawang elemento ng CAFGU na iniwan ng tumalilis nilang mga kasamahan.

Matapos ang reyd, dinakip ng isa pang yunit ng 1st Pulang Bagani Battalion ang limang pulis sa karatig na Barangay Mapula na nagsagawa ng operasyon para sagipin ang mga elemento ng CAFGU. Kabilang sa mga dinakip, at kalauna'y idineklarang *prisoner-of-war,* ang upisyal na si Chief Inspector Leonardo Tarungoy. Nasamsam mula sa kanila ang dalawang .9mm na pistola at isang .45 na pistola.




Ayon kay Rigoberto Sanchez, tagapagsalita ng BHB sa rehiyon, pinasisinungalingan ng matagumpay na opensibang ito ang aroganteng deklarasyon ng AFP na napahina na ng Oplan Bayanihan ang armadong paglaban ng BHB matapos ang pagkamatay ni Kumander Leoncio Pitao (Ka Parago) noong nakaraang taon. Ang naturang taktikal na opensiba ay ambag sa paglibing sa bigong Oplan Bayanihan, na isa sa pinakabrutal na kampanyang inilunsad ng AFP laban sa mamamayang Pilipino, sabi pa ni Sanchez.

Ani Sanchez, lalupang napuspos ng sigla ang 1st Pulang Bagani Battalion at lahat ng sampung yunit ng BHB sa rehiyon na isulong ang armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo, at magtatag ng mga binhi ng isang sosyalistang gubyerno, magiting na gapiin ang pinaigting at tuluy-tuloy na atake ng kaaway, at lutasin ang pangmatagalang mga suliranin ng mamamayang Pilipino.

Samantala, kinumpiska ng BHB-South Central Bukidnon ang 1,400 sakong bigas mula sa isang bodega sa Purok 11, Barangay Batangan, Valencia City noong Abril 18, ala-6 ng gabi. Isinakay ang bigas sa apat na trak.

Ang bodega ay pag-aari ni Helen Bernal, konsehal sa syudad at kabilang sa pamilya ng pinakamalaking kumprador-asendero sa Valencia at katabing mga bayan. Sinasamantala ni Bernal ang tagtuyot sa pag-iimbak ng bigas. Isinagawa ang pagkumpiska ng bigas sa gitna ng kilusang protesta ng masang magsasaka laban sa pagpapabaya ng rehimeng Aquino at malawak na sigaw para sa suportang bigas.

Ayon sa BHB, ang kinumpiskang bigas ay ipamamahagi sa mga lugar na apektado ng tagtuyot.

# Masinggan at armalayt, nasamsam sa Samar

ISANG K3 masinggan at isang M16 ang nakumpiska ng BHB-Samar sa isinagawang ambus laban sa mga tropa ng 87th IB sa Sitio Guirang, Barangay New San Agustin, Basey nitong Abril 17, bandang 8:30 ng umaga. Limang sundalo ang sugatan sa naturang ambus.

Kinagabihan ng alas-10, hinaras naman ng isang yunit mula sa Rogelio Bantilo Command ang isang outpost ng 20th IB sa Barangay Tagab-iran, Las Navas, Northern Samar kung saan isang sarhento ang napatay.

Samantala, nagtamo ng pitong kaswalti ang 9th Infantry Division ng Philippine Army sa Bikol sa dalawang magkasunod na taktikal na opensibang inilunsad ng BHB-Bikol (Romulo Jallores Command) noong Abril 14 at 15.

Inambus ng Celso Minguez Command ang 31st IB sa Barangay San Pascual, Casiguran noong Abril 14, bandang alas-2 ng madaling araw. Hindi bababa sa tatlong sundalo ang patay at dalawa ang sugatan. Ang mga kaswalti ay bahagi ng 10-kataong security patrol ng operasyong PDT sa naturang barangay.

Isang operasyong haras naman ang inilunsad ng Santos Binamera Command laban sa nag-ooperasyong mga sundalo ng 2nd IB at mga CAFGU noong Abril 15. Isinagawa ang opensiba bandang alas-6 ng gabi sa Barangay Malabiga, Libon. Isang CAFGU ang napatay habang isa pa ang nasugatan.

Sa Batangas, sinunog ng isang yunit ng BHB-Batangas (Eduardo Dagli Command) noong Abril 4 ang isang *backhoe* ng panginoong maylupa na si Boy Unson bilang parusa sa pangangamkam nito ng mahigit 500 ektaryang lupain sa Balayan. Kasosyo din siya ng DMCI at Southpacific Inc. sa mapaminsalang paghahakot ng buhangin sa Barangay Pook sa parehong bayan na nagdulot na ng malalaking pagbaha sa lugar.

# Pagbisita ng kalihim ng US sa depensa, tinuligsa

Sinalubong ng protesta at pagtuligsa ang pagbisita ni US Defense Secretary Ashton Carter sa bansa sa katapusang bahagi ng Balikatan 2016 noong Abril 13-15. Kaugnay dito, nagsagawa ng protesta ang mga pambansa-demokratikong organisasyon laban sa tagibang na mga kasunduang-militar sa Angeles City at Cagayan de Oro City, kung saan tatlo sa limang base militar ng US ang itinatayo.

Ayon sa pahayag ng Partido Komunista ng Pilipinas noong Abril 15, pinaiigting ng pagbisita ni Carter ang panghihimasok ng US sa Pilipinas at ang pang-uupat nito ng gera sa rehiyon ng Asia-Pacific.

Hayagan itong paglapastangan ng US sa soberanya ng Pilipinas at pagpapakita ng arogansya. Nagsilbi ring pagkakataon para sa pagpapakitang-gilas at pang-uupat ng gera sa China ang kanyang pagbisita sa pamamagitan ng pagtatanghal ng lakas-militar nito.


Mahalaga para sa rehimeng Aquino ang pagbisita ni Carter dahil pinagtitibay nito ang suporta ng US sa kanyang rehimen. Si Carter ang nagsisilbing tagadirihe ng pakat at pagpapalakas ng higanteng makinarya ng US ayon sa pagpihit nito sa Asia na naglalayong palakasin ang kapangyarihang militar ng US sa Asia-Pacific upang pangalagaan ang mga interes nito sa ekonomya at sagkaan ang pagpapalawak ng China.

Ipinagyabang ng US sa Balikatan 2016 ang kanyang lakas-militar sa bansa at sa Asia-Pacific. Dito rin idinispley, itinulak at sinubok ang pinakabago nitong mga kagamitang militar, kabilang ang ipinagmamalaki nitong *rocket launcher* na HIMARS, sa pag-asang mapasigla ang pamilihan para sa mga kagamitang pandigma ng US.

Liban pa, pinaigting ng Balikatan 2016 ang kapabilidad ng US sa panghihimasok-militar nito sa bansa. Gamit ang "command post exercises" o CPX, pinahigpit ng US ang kontrol at kumand nito sa pinakamataas na pamunuan ng Armed Forces of the Philippines. Pinalahok ng US ang iba't ibang *unified command* ng AFP upang patatagin ang pamumuno nito sa mga kumander ng AFP sa Luzon at Visayas. Ang ganitong kontrol at kumand ay dati nang napagtibay ng US sa Mindanao sa pamumuno at paglahok nito sa paniniktik, saywar, at kombat laban sa mga hukbo ng Bangsamoro at Bagong Hukbong Bayan sa nagdaang 15 taon.

Matapos ang Balikatan 2016, tumungo si Carter sa barkong pandigma na USS John C. Stennis at nag-utos na maglayag sa mga pinagtutunggaliang isla sa South China Sea. Ang Stennis ang ikatlong barkong pandigma ng US na naglayag sa teritoryo ng Pilipinas, kasunod ng USS Lassen noong Oktubre 2015 at USS Curtis Wilbur nitong Enero. Ang mga paglayag na ito ay tahasang paglabag sa soberanya ng mga bansang nag-aangkin ng mga isla at teritoryo sa South China Sea. Ang bukambibig ni Carter na "iron-clad commitment" sa Pilipinas ay pampapogi lamang lalupa't malinaw na sinabi niya noong Disyembre 2015 na walang pinapanigan ang US sa mga nagtutunggaling bansa sa Spratlys.

Pwersahan ding itinutulak ng US ang pagkakaroon ng karagdagang mga kampo militar na kukupkop sa papalaking presensya ng mga tropang US sa Pilipinas, liban pa sa nauna nang itinakda ng EDCA. Liban sa mga sasakyan at gamit militar na ginamit sa Balikatan, nag-iwan ang US ng siyam na eroplanong pandigma. Ang mga ito'y gagamitin sa diumano'y "pinagsanib" na pagpapatrulya sa South China Sea. May iniwan ding 275 tropang Amerikano na kunwa'y magsasalit-salitan, pero sa totoo'y permanente nang magbabase sa bansa para pangalagaan ang mga iniwan nitong gamit-militar.




**Protesta at paglaban**

Sa pagtatapos ng Balikatan, daan-daan ang nagmartsa sa Angeles City at nagprotesta sa tapat ng Clark Air Base noong Abril 16 para igiit ang pagbasura sa Visiting Forces Agreement (VFA) at EDCA na anila'y garapalang paglabag ng US sa pambansang soberanya. Pinangunahan ang rali ng Bagong Alyansang Makabayan-Gitnang Luzon at Alyansa ng mga Magbubukid sa Gitnang Luson. Sa limang base militar na ipagagamit sa mga tropang US, dalawa ang nasa Central Luzon - ang Basa Air Base sa Pampanga at Fort Magsaysay sa Nueva Ecija.

Sa rehiyon din inilulunsad ang mga bahagi ng Balikatan Exercises

at iniistasyon ang mga sasakyan at kagamitang pandigma ng US, partikular sa Clark Air Base, Subic Bay, at Camp O'Donnell sa Capas, Tarlac.

Mariing tinuligsa ng mga nagrali ang pagsahol ng kriminalidad at imoralidad sa mga lugar na malapit sa mga pinaglunsaran ng Balikatan. Inilantad ng BAYAN-GL na dumami ang mga bahay-aliwan at *casino* sa Pampanga at Tarlac na pangunahing bumibiktima sa mga kababaihan at kabataan. Pinalalayas rin ang mga katutubong Aeta sa kanilang mga lupaing ninuno na sinaklaw ng mga kampo at military reservation.

Samantala, binatikos ng mga raliyista ang patuloy na karahasan sa mga magsasakang nakatira sa paligid ng Fort Magsaysay. Iniulat na 17 bahay ng mga magsasaka ang inistraping, pinasabugan ng granada at sinunog upang palayasin sila sa kanilang mga bahay at kabuhayan. Bukod sa pagtatayo ng baseng militar ng US sa loob ng kampo, planong itayo sa tabi nito ang kampo ng Northern Luzon Command ng AFP, pati na ang National Penitentiary at National Mental Hospital.

Sa Cagayan de Oro, naglunsad ng protesta ang mga myembro ng League of Filipino Students at Kabataan Partylist noong Abril 7 para labanan ang pagtransporma ng Lumbia Airport sa base militar ng US alinsunod sa EDCA. Idinaos nila ang kilos-protesta bilang paggunita rin sa ika-116 taon ng tinaguriang "Laban ng Cagayan de Misamis" (Cagayan de Oro City sa ngayon) kung saan ipinagtanggol ng mga Cagayanon ang kanilang lugar sa panahon ng gerang Pilipino-Amerikano. Ayon sa kasaysayan, naganap ang isa sa pinakamalaking sagupaan sa pagitan ng mga Pilipino at Amerikanong sundalo sa Makahambus Hill, isang lugar na malapit sa Lumbia Airport. Sa labanang iyun, natalo ang mga tropa ng US. AB

# Bata, pinatay ng Scout Rangers sa Davao

Kasabay ng masaker sa Kidapawan, tuluy-tuloy ang pamamaslang, panggigipit at militarisasyon ng mga armadong pwersa ng reaksyunaryong estado sa iba't ibang bahagi ng bansa. Nitong nagdaang ilang linggo, isang bata ang pinaslang, isang aktibista ang dinukot, isa pa ang ginipit at libu-libo ang sapilitang lumikas dulot ng mga operasyon ng AFP.

**Davao City.** Binaril ng mga sundalo ng 6th Scout Ranger Company ang isang 11-taong gulang na batang lalaki sa Sityo Mitundo, Barangay Baracatan sa Toril District noong Abril 1.

Nang paslangin, nangunguha ng panggatong ang bata may isandaang metro lamang ang layo mula sa kubo kung saan naghihila ng abaca ang tatlo niyang kasamahang magsasaka.

Kinundena ni Rubi del Mundo ng NDF-Southern Mindanao Region ang pagluluhang buwaya ng 6th Scout Ranger Company. Bagamat umamin sa krimen, nagsinungaling ang mga sundalo na nakita umano nila ang bata at ang tiyuhin nito na may dalang riple kaya nila pinaputukan. Ayon pa sa NDF-SMR, isang krimen sa digma ng 6th SRC, ng 10th ID at ng buong AFP ang karumal-dumal na pagpatay sa bata. Kinundena rin ni del Mundo ang pambabraso sa pamilya ng bata upang piliting makipag-areglo na lamang sa mga sundalo.

**Cagayan Valley.** Dinukot ng mga elemento ng 17th IB si Tomasa Pastor mula sa kanyang bahay sa Barangay Asingga-Via, Baggao, noong Abril 11 ng alas-3 ng madaling araw. Si Pastor, 54, ay aktibong kasapi ng Anakpawis-Baggao Chapter. Isa't kalahating araw siyang ipinailalim sa matinding pisikal at mental na tortyur bago pinakawalan ng 17th IB.

Mula Setyembre 2015 ay nagkampo na ang 17th IB sa barangay hall ng Asingga-Via at hanggang sa kasalukuyan ay naglulunsad ng operasyong PDT sa lugar, gayundin sa mga karatig-barangay na Taging, Bunugan, Carrupian, Bagunot at Ibulo.

Kasabay ng pagsimula ng PDT ay ang pananakot at panggigipit sa pamilya Pastor, na pawang mga aktibong kasapi ng Anakpawis. Tuluy-tuloy ang pagmamanman ng 17th IB sa kanilang bahay laluna sa mga dis-oras ng gabi. Minsan ay pinasok at hinalughog din ang kanilang bahay sa bintang na may itinatago umano ritong gamit ng BHB.

**Cordillera.** Ipinailalim sa surbeylans at binuntutan ng mga ahente ng militar si Xavier Akien, isang katutubong Kankanaey at pangalawang tagapangulo ng Cordillera Peoples Alliance noong Abril 6 at 13.

Naobserbahan ni Akien na ang paniniktik at pagbuntot sa kanyang sasakyan ay nagsimula paglabas niya sa isang tindahan sa Baguio City hanggang sa La Trinidad, Benguet. Apat na lalaking sakay ng motorsiklo at dalawang van ang tinukoy ni Akien na nagsagawa ng panggigipit sa kanya.

**Basilan.** Umaabot na sa 3,590 residente ng Tipo-Tipo ang napalayas sa kanilang mga komunidad dulot ng tuluy-tuloy na operasyon ng AFP laban sa bandidong Abu Sayyaf Group mula pa Abril 9.

Lumikas ang mga residente ng mga barangay ng Baguindan, Silangkum, at Bohe Piang matapos ang ginawang panganganyon ng AFP, liban pa sa pag-atake ng mga eroplano at tangke upang suportahan ang mga umaabanteng sundalo. Umigting ang operasyong militar ng AFP matapos mapatay ang di bababa sa 18 sundalo at masugatan ang mahigit 50. AB

# Piket para sa hustisya kay Berta Caceres, inilunsad

NAGPIKET NOONG Abril 7 ang mga progresibong organisasyon sa tapat ng konsulado ng Honduras sa Pasig City upang igiit ang hustisya para sa pinaslang na aktibistang si Berta Isabel Caceres. Pinangunahan ito ng Kalikasan People's Network for the Environment at International League of People's Struggles .

Bantog si Caceres bilang anti-imperyalistang aktibista at katutubong Lenca ng Honduras. Pinatay siya sa loob ng kanyang bahay noong Marso 3.

Isa siya sa mga nagtatag ng grupong pangkalikasan na Council of Popular and Indigenous Organizations of Honduras o COPINH. Nanguna ito sa mga pagkilos na humadalang sa pagtatayo noong 2014 ng Agua Zarca Dam sa ilog ng Gualcarque sa prubinsya ng Intibuca dahil sa idudulot nitong malawakang pagbabaha. Itinutuloy ang proyektong ito ng kumpanyang DESA.

Ayon sa grupong Kalikasan, ang gubyerno ng Honduras ang may pananagutan sa pagpaslang kay Caceres. Bago ang krimen, makailang ulit nang tinarget si Caceres at ang mga myembro ng COPINH ng armadong pag-atake at iba pang tipo ng panunupil mula sa gubyerno ng Honduras at kumpanyang DESA.

Noong Hulyo 2013 ay pinatay ang kasamahan ni Caceres na si Tomas Garcia ng isang upisyal ng militar. Dalawang linggo matapos ang pagpaslang kay Caceres, isa pang myembro ng COPINH ang pinatay ng mga pwersang panseguridad ng Honduras habang pinalalayas ng mga ito ang mga katutubong Lenca mula sa kanilang mga komunidad. Hindi bababa sa 109 aktibista sa Honduras ang pinatay mula 2010 hanggang 2015. AB

# Gabi-gabing protesta sa France

NAGPAABOT NG suporta ang International League of Peoples' Struggle (ILPS) sa mga kabataan at manggagawang French na lumalaban sa pinakabagong kontra-manggagawang reporma ng kanilang gubyerno.

Nagsanib-pwersa ang mga unyon ng manggagawa at mga organisasyon ng mag-aaral para maglunsad ng mga protestang aksyon sa maraming panig ng France. Sa ilalim ng mga bagong panukala, imamantine ang 35-oras kada linggong paggawa ngunit pahihintulutan ang mga kumpanya na magpataw ng alternatibong 48-oras at 12-oras kada linggong paggawa. Gayundin, mula sa 25% na *overtime bonus*, ibababa ito tungong 10%. Gagawin na ring madali at hindi magastos para sa mga kumpanya na magsisante ng mga manggagawa nito.

Tinaguriang "Nuit Debout" (Up All Night o Walang Tulugan) ang mga kilos protesta na lumaganap sa mga syudad ng Strasbourg, Toulouse, Marseille, Rouen, Rennes at iba pa. Noong Marso 31, may 400,000 manggagawa't kabataan ang nagrali sa mga syudad at mula noon ay gabi-gabi nang naglulunsad ng mga kilos-protesta. Noon lamang Abril 9, mahigit 200 demonstrasyon sa maraming panig ng France ang naitala, kabilang sa kabiserang Paris. Tuluy-tuloy ang pagtatangka ng pulis na buwagin ang mga demonstrasyon.

Ayon sa ILPS, ang mga panukala ng gubyernong Hollande sa pagtitipid ay nagliligtas sa mga kapitalista habang inaatake ang anumang natitira sa mga benepisyo at proteksyon ng mga manggagawa na naipagtagumpay sa pamamagitan ng pakikibaka. AB

## Martsa laban sa pagtitipid, idinaos sa UK

MAHIGIT ISANDAAN libong British ang nagmartsa sa London noong Abril 17 para igiit ang pagbasura sa programa ng pagtitipid at kaakibat nitong pribatisasyon na sinimulan ng gubyerno ng United Kingdom noon pang 2010.

Sa nakaraang limang taon, kinaltasan ng gubyernong British ang subsidyo sa pabahay at iba pang serbisyong panlipunan ng milyun-milyong mamamayan. Nasa proseso din ito ng higit pang pribatisasyon ng sistema ng pampublikong kalusugan, ang National Health Service (NHS), at pagbabawas ng subsidyo para sa pampublikong sistema ng edukasyon at mga benepisyo ng mga walang trabaho.

Mula 2010 hanggang 2015, "nakatipid" ang gubyernong UK nang 35 bilyong pounds (salapi ng UK) sa pamamagitan ng pagkaltas ng badyet sa pinakabulnerableng mga sektor ng kanilang lipunan. Target nitong itaas pa tungong 55 bilyon pounds ang kakaltasin sa badyet para sa mga pampublikong serbisyo at benepisyo sa 2019.

Muling bumubwelo ang mga protesta laban sa pagtitipid habang papalapit ang reperendum kung saan pipili ang mamamayang British kung mananatili o lalabas sila sa European Union. Sa nakaraang tatlong buwan, sunud-sunod ang welga ng mga nakababatang duktor para sa dagdag-sahod.

Ipinanawagan din ng mga nagprotesta ang pagbaba sa pwesto ni David Cameron, prime minister ng bansa, at kanyang buong gubyerno na tinawag nilang inutil at manhid sa pangangailangan ng ordinaryong mamamayan. Nahaharap ngayon sa iskandalong korapsyon si Cameron, kasama ang ibang matataas na upisyal sa Europe. AB